

UNITED STATES DISTRICT COURT FOR THE NORTHERN DISTRICT OF CALIFORNIA

Kung ikaw ay nasa Medi-Cal at tumatanggap (o kamakailan ay tumanggap) ng Adult Day Health Care (ADHC), ito ang Notice of a Class Action Settlement (Paunawa ng Napag-aregluhan sa Class Action) na Maaaring Maka-Apekto sa Iyo.

Pinahintulutan ng korteng pederal ang paunawang ito. Hindi ito isang pagpepetisyon mula sa isang abogado.

Isang demanda ang isinampa na hinihiling mula sa Korte na ihinto ang California mula sa pagwawakas sa programa ng Medi-Cal ADHC maliban kung may iba pang mga serbisyong nakatakda para sa mga taong tumatanggap ng mga serbisyo ng ADHC. Ang mga panig sa demanda ay umabot sa isang areglo sa demanda. Kung ang Napag-aregluhan ay naaprubahan ng Korte, ang programa ng ADHC ay magwawakas sa Pebrero 29, 2012. Simula Marso 1, 2012, ikaw ay makakatanggap ng iba pang mga serbisyo ayon sa iyong situwasyon. Ang buong paglalarawan ng mga serbisyo na handang makuha at kung sino-sino ang magiging kuwalipikado sa bawat serbisyo ay nakatakda sa ibaba. Nakalista rin sa ibaba ang impormasyon tungkol sa Kasunduan ng Napag-aregluhan na dapat na sumagot sa mga katanungan na mayroon ka tungkol dito at lugar na maaaring makipag-ugnayan kung ikaw ay may dagdag na mga katanungan.

Ang Napag-aregluhan na ito ay hindi makaka-apekto sa iyong kakayahan na ipagpatuloy ang iyong primary care provider (provider sa pangunahing pag-aalaga) kung ikaw ay kasalukuyang nasa Medicare. Ang mga serbisyo na handang makuha sa ilalim ng Kasunduan ng Napag-aregluhan ay bilang dagdag sa mga serbisyong kasalukuyan mong natatanggap sa pamamagitan ng Medicare.

Ang kasong ito ay hindi para sa pinsala sa pera.

Kailangan pa rin magpasya ng Korte kung aaprubahan ang Kasunduan ng Napag-aregluhan.

Ang Paunawang ito ay nagpapaliwanag sa iyong mga karapatan at iyong mga opsyon - at ang mga huling takdang petsa upang kumilos sa mga ito. BASAHIN NANG MAINAM ANG PAUNAWANG ITO.

ANG IYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT OPSYON SA NAPAG-AREGLUHAN NA ITO	
WALANG GAGAWIN	Kung wala kang gawin, tatasahin ng Korte ang Napag-aregluhan nang wala ang iyong mga puna. Isusuko mo ang karapatan na hamunin ang pagwawakas ng programa ng ADHC sa iba pang demanda. Ikaw ay tatanggap ng mga serbisyo ng ADHC ngayon, hindi mo kailangan sumagot sa Paunawang ito upang makuha ang mga serbisyo na nalikha ng Napag-aregluhan na ito.
PAKSA NA NASA KASULATAN SA PAGSAPIT NG ENERO 10, 2012	Sumulat sa Korte kung bakit hindi mo nagustuhan ang Napag-aregluhan. Bilang karagdagan, maaari mong hilingin na magsalita sa Korte ukol sa iyong mga pagtututol. Ang iyong mga pagtutol ay kailangang ipadala sa Korte sa pagsapit ng Enero 10, 2012 upang maisaalang-alang.
PUMUNTA SA FAIRNESS HEARING SA ENERO 24, 2012	Kung nais mong magsalita sa Fairness Hearing, siguraduhin na nakasaad iyon sa inyong liham sa Korte. Gayunman, hindi mo kailangang magpakita sa Fairness Hearing upang maisaalang-alang ang iyong pagtutol.

NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT AGREEMENT
(Paunawa ng Kasunduan sa Napag-aregluhan sa Class Action)
Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA

1. Bakit ko natatanggap ang Paunawang ito?

Ikaw ay tumatanggap ng paunawang ito dahil ikaw ay nakakakuha ngayon o, sa anumang oras mula Hulyo 1, 2011, ay nakatanggap ng Medi-Cal Adult Day Health Care (ADHC) na mga serbisyo at itinuturing na isang Class Member sa demanda na ito.

Ikaw ay may karapatan na malaman ang tungkol sa namungkahing Napag-aregluhan ng class action na demanda, at tungkol sa iyong mga opsyon, bago magpasya ang Korte kung aaprubahan o hindi ang Napag-aregluhan. Ipinapaliwanag ng Paunawang ito ang demanda, kung ano ang makukuha ng mga Class Members kung aprubahan ng Korte ang Napag-aregluhan, at ang iyong mga legal na karapatan hinggil sa Napag-aregluhan.

Ang namamahalang Korte sa kasong ito ay ang United States District Court for the Northern District of California. Ang kaso ay pinangalanan na *Darling et al. v. Douglas et al.* Ang Numero ng kaso ay C09-03798 SBA. Ang pitong mga kasali sa ADHC na dinedemanda ay tinatawag na mga Nagsasakdal, at ang mga Akusado ay ang Department of Health Care Services (DHCS) at si Director Toby Douglas. Lahat ng iba pang mga indibiduwal na nakakatanggap ng mga serbisyo ng ADHC ay tinatawag na mga Class Members.

2. Tungkol saan ang demanda?

Noong 2009, ang mga taong tumatanggap ng Medi-Cal Adult Day Health Care (ADHC) (mga Nagsasakdal) ay dinemanda ang mga Akusado. Hiniling nila ang Korte na ihinto ang mga Akusado sa pagbabawas sa mga serbisyo ng ADHC, na ginawa nga nila. Noong 2011, hiniling ng mga Nagsasakdal sa Korte na pahintuin ang mga Akusado sa pagwawakas ng benepisyo sa ADHC. Pinagtalunan nila na, maliban kung magkaloob ng mga serbisyo ang mga Akusado upang palitan ang ADHC, ang pagwawakas sa programa ay lalabas sa Americans with Disabilities Act (ADA) at iba pang mga batas. Ang mga Akusado ng Estado ay tumatanggi sa mga pagtatalong ito.

3. Bakit ito itinuturing na class action?

Sa isang class action, isa o higit pang mga katao, na tinatawag na Mga Kinatawan ng Class o pinangalanan na mga Nagsasakdal, ay nagdedemanda sa ngalan ng mga tao na may katulad na mga paghahabol. Ang lahat ng mga taong ito ay mga Class Members. Iisang korte ang lulutas sa mga isyu para sa lahat ng mga Class Members. Sa kasong ito, si Esther Darling at ang iba pang mga pinangalanang Nagsasakdal ay nagdemanda sa ngalan ng lahat ng tumatanggap ng benepisyo ng Medi-Cal ADHC. Anumang desisyon ng Korte sa kasong ito ay makaka-apekto sa lahat ng mga Class Members.

4. Bakit may napag-aregluhan?

Ang mga Nagsasakdal at Akusado ay sumang-ayon sa isang areglo kung saan magkasama silang magtatrabaho para lumikha ng mga bagong programa upang palitan ang ADHC na programa. Sa palagay ng mga Kinatawan ng Class ay ang mga abogado ng Nagsasakdal na patas ang Napag-aregluhan. **Isang Fairness Hearing upang pahintulutan ang huling Napag-aregluhan ay gaganapin sa U.S. District Court sa Oakland sa Enero 24, 2012 ng 1 pm. Tingnan ang mga katanungan 14-17 sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paglilitis sa Korte.**

NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT AGREEMENT
(Paunawa ng Kasunduan sa Napag-aregluhan sa Class Action)
Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA

5. Paano ko malalaman kung ako ay bahagi ng Napag-aregluhan?

Ikaw ay isang Class Member at bahagi ng Napag-aregluhan kung angkop ka sa paglalarawan na ito:

“Lahat ng mga beneficiary ng Medi-Cal sa State of California kung saan ang mga benepisyong ng Adult Day Health Care ay aalisin sa ilalim ng mga kundisyon ng Assembly Bill 97 (AB 97) kasama na iyong mga nakatugon o makakatugon sa kasalukuyang pagiging karapat-dapat at kinakailangan sa paggagamot na kriterya para sa ADHC kahit kailan bago ang Petsa na Magkakabisa ang Napag-aregluhan na ito, o kung sino ang makakatugon sa pagiging karapat-dapat at kinakailangan sa paggagamot na kriterya para sa Community Based Adult Services (CBAS) kailanman bago ang Pagwawakas ng Kasunduan na ito.”

Ito ay nangangahulugan na ikaw ay masasakop ng Napag-aregluhan kung ang iyong benepisyong sa Medi-Cal ADHC pinatanggal mo mula sa AB 97 o kung ikaw ay magiging kuwalipikado para sa ADHC bago ang Marso 1, 2012. Ito ay nangangahulugan din na ang mga tao na kuwalipikado para sa bagong programa, ang CBAS, ay masasakop ng Kasunduan. Ang AB 97 ay isang bagong batas na tinanggal ng ADHC bilang isang Medi-Cal na benepisyong.

6. Ano ang ipinagkakaloob ng Napag-aregluhan?

Sa ilalim ng Kasunduan ng Napag-aregluhan, magtatakda ang DHCS ng isang bagong Medi-Cal na programa na tinatawag na Community Based Adult Services (CBAS).

- Ang CBAS ay magpapahintulot sa mga karapat-dapat na tao na nasa Medi-Cal na makakuha ng dalubhasang pag-aalaga ng nars, social services, mga therapy, personal na pag-aalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya/tagapag-alaga, mga pagkain, transportasyon, at pamamahala ng kaso sa nag-iisang lokasyon.
- Ang CBAS ay handang makuha sa dating mga sentro ng ADHC na naaprubahan ng DHCS bilang mga provider ng CBAS.
- Ang CBAS ay magsisimula sa Marso 1, 2012.

Ang Napagkasunduan ay magtatakda ng «Pinahusay na Pamamahala ng Kaso» para doon sa mga nasa ADHC, pero hindi kuwalipikado para sa CBAS.

- Ang Pinahusay na Pamamahala ng Kaso ay makakatulong sa mga karapat-dapat na tao na makakuha ng medikal at panlipunang serbisyo na kanilang kailangan sa sandaling magtapos ang ADHC. Ikaw ay may opinyon kung anong mga serbisyo ang kanilang makukuha at kung paano nila makukuha ang mga ito.

Ang mga serbisyo ng ADHC ay magpapatuloy hanggang Pebrero 29, 2012 upang mabigyan ang mga tao ng panahon para makapagbago mula sa pagkuha ng kanilang mga serbisyo mula sa mga provider ng ADHC para makuha ang kanilang mga serbisyo mula sa mga provider ng CBAS o magsimulang tumanggap ng Pinahusay na Pamamahala ng Kaso. Ang lahat ng mga Class Members ay makakatanggap ng CBAS o Pinahusay na Pamamahala ng Kaso.

Hindi ito ang kaso para sa mga perang pambayad pinsala, kaya't walang Nagsasakdal o Class Members ang tatanggap ng bayad sanhi ng pagiging bahagi ng demanda.

NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT AGREEMENT
(Paunawa ng Kasunduan sa Napag-aregluhan sa Class Action)
Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA

7. Ano ang mangyayari sa akin sa ilalim ng Napag-aregluhan?

- Kung ikaw ay may Medi-Cal at nasa ADHC ngayon:
 - Ikaw ay tatasahin para sa CBAS sa pagitan ng Disyembre 2011 at Pebrero 2012. Ang iyong ADHC ay magbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagtatasa.
 - Kung ikaw ay kuwalipikado para sa CBAS, matatanggap mo ang mga serbisyong ito sa sandaling magwakas ang mga serbisyo ng ADHC, sa Marso 1, 2012.
 - Kung ikaw ay hindi kuwalipikado para sa CBAS, Pebrero 29, 2012 ay magiging ang iyong huling araw para sa mga serbisyo ng ADHC. Ikaw ay makakakuha ng serbisyo ng Pinahusay na Pamamahala ng Kaso para makatulong sa iyong transisyon patungo sa ibang mga serbisyo na iyong kailangan.
- Kung ikaw ay may Medi-Cal pero wala sa ADHC ngayon:
 - Maaari ka pa rin mag-apply para sa ADHC hanggang Pebrero 29, 2012.
 - Maaaring hilingin mula sa iyo na matasa para sa CBAS.

8. Paano ko malalaman kung ako ay kuwalipikado para sa CBAS?

Ikaw ay maaaring tumanggap ng CBAS kung ikaw ay nasa Medi-Cal AT kasalukuyang kuwalipikado para sa ADHC, AT:

- Kailangan ng sapat na pag-aalaga upang makatugon sa “Nursing Facility Level of Care A” (NF-A) o higit pa; Q
- Ikaw ay may mahinay hanggang malubhang cognitive impairment, kasama na ang mahinay hanggang malubhang Alzheimer’s Disease o iba pang dementia; Q
- May kapansanan sa paglaki; Q
- May kaunti hanggang mahinay na cognitive na kapansanan, kasama na ang Alzheimer’s o dementia AT kailangan ng tulong o superbisyon sa dalawa sa mga sumusunod: paliligo, pagbibihis, pagkain nang mag-isa, paggamit ng banyo, ambulatorya, paglilipat, pamamahala ng gamot, o kalinisan ng katawan; Q
- May chronic na sakit pangkaisipan o pinsala sa utak AT kailangan ng tulong o superbisyon sa dalawa sa mga sumusunod: paliligo, pagbibihis, pagkain nang mag-isa, paggamit ng banyo, ambulatorya, paglilipat, pamamahala ng gamot, o kalinisan ng katawan; O kailangan ang isa mula sa mga nakatala sa itaas na listahan at isa sa mga sumusunod: pangangasiwa sa pera, paraang makakuha ng mapagkukunan ng tulong, paghahanda ng pagkain, at transportasyon.

NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT AGREEMENT
(Paunawa ng Kasunduan sa Napag-aregluhan sa Class Action)
Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA

9. Kung ako ay matasa at ako ay kuwalipikado, awtomatiko ba akong makakakuha ng CBAS?

Oo. Sa sandaling matuklasan na ikaw ay karapat-dapat para sa CBAS, makakatanggap ka ng mga tulong kung paano mag-enroll kung may sentro CBAS kung saan ka nakatira. Kung walang sentro ng CBAS kung saan ka nakatira, makakakuha ka ng mga serbisyo na inihahandog sa mga sentro ng CBAS, pero mula sa ibang mga provider.

- Sa pagitan ng Marso 1, 2012 at halos sa pagsapit ng Hulyo 1, 2012, ang CBAS ay handang magagamit sa pamamagitan ng regular na Medi-Cal. At sa huli, ang CBAS ay madalas na magagamit sa pamamagitan ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal.
- Sa sandaling ang CBAS ay madalas na magagamit lamang sa pamamagitan ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal, kung ikaw ay nakatira sa isang county na naghahandog ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal, at ikaw ay kuwalipikado na mag-enroll sa pinamamahalaang pag-aalaga na plano, maaari Ka LAMANG kumuha ng CBAS sa pamamagitan ng pinamamahalaang pag-aalaga.
 - Kung ikaw ay nag-enroll sa pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal kahit kailan bago ang Hulyo 1, 2012, o kung ikaw ay naka-enroll na sa pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal, ang iyong plano sa pinamamahalaang pag-aalaga ang magbabayad para sa CBAS kapag ito ay naging opsyon sa pinamamahalaang pag-aalaga. Hindi mo kinakailangan magsagawa ng anumang pagbabago upang patuloy na makakuha ng CBAS.
 - Kung ikaw ay mag-enroll sa pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal pero hindi ngayon, kailangan mong mag-enroll upang patuloy na makakuha ng CBAS kapag handa na itong makuha sa pamamagitan ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal.
 - Kung ikaw ay makakuha ng Medicare, ang pagpapalista sa pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal **AY HINDI** makaka-apekto sa iyong kakayahang piliin ang iyong mga Medicare na doktor.
- Kung ikaw ay nakatira sa isang county na walang pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal o kung hindi ka makakuha ng pinamamahalaang pag-aalaga, hindi mo kinakailangang magsagawa ng mga pagbabago upang patuloy na makakuha ng CBAS. Maaari kang patuloy na makatanggap ng CBAS bilang isang regular na benepisyo ng Medi-Cal.

10. Makakapunta Ba Ako sa Parehong Sentro upang Makakuha ng CBAS?

Depende ito. Maraming mga sentro ng ADHC ay makakapaghandog ng CBAS. Ang mga sentro ng ADHC ay maaaring mag-apply sa estado upang maging mga provider ng CBAS. Kung ikaw ay kuwalipikado para sa CBAS at ang iyong ADHC na sentro ay naaprubahan para maging isang CBAS na provider sa pagsapit ng Pebrero 29, 2012, patuloy kang makakatanggap ng mga serbisyo sa parehong sentro sa sandaling magwakas ang ADHC. Kung ang iyong sentro ng ADHC ay hindi maging CBAS na provider, ikaw ay bibigyan ng impormasyon ukol sa iba pang mga provider ng CBAS.

NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT AGREEMENT
(Paunawa ng Kasunduan sa Napag-aregluhan sa Class Action)
Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA

11. Paano kung hindi ako kuwalipikado para sa CBAS?

Kung ikaw ay nasa ADHC, pero hindi kuwalipikado para sa CBAS, ikaw ay makakakuha ng Pinahusay na Pamamahala ng Kaso upang makatulong sa iyo na makakuha ng medikal at panlipunang serbisyo na iyong kailangan makalipas na magwakas ang ADHC. Ang mga tagapangasiwa ng kaso sa programang ito ay makikipagtrabaho kasama mo upang may opinyon ka sa mga serbisyo na iyong matatanggap at kung paano mo makukuha ang mga ito.

Maaari mong piliin na tumanggap ng Pinahusay na Pamamahala ng Kaso bilang regular na serbisyo ng Medi-Cal o sa pamamagitan ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal.

12. May abogado ba ako sa kasong ito?

Oo. Ang Disability Rights California, ang National Senior Citizens Law Center, ang National Health Law Program, AARP Foundation Litigation, at ang law firm ng Morrison & Foerster LLP ay inaprubahan ng Korte upang kumatawan sa iyo at sa iba pang mga Class Members. Sama-sama, ang mga abogado ay tinatawag na Class Counsel. Hindi ka sisingilin para sa mga abogado na ito.

13. Paano babayaran ang mga abogado?

Kung ang Napag-aregluhan ay naaprubahan, ang mga Akusado ay magbabayad para sa mga singil ng abogado sa mga abogado ng nagsasakdal para sa kanilang trabaho sa kasong ito. Kailangan aprubahan ng Korte ang halaga ng mga singil. Ang mga Nagsasakdal at Akusado ay hihilingin mula sa korte na aprubahan ang mga singilin na \$2.2 milyon para sa trabahong nagawa sa loob ng 2-1/2 taon. Hihilingin din nila mula sa Korte na aprubahan ang hanggang \$400,000 para sa mga abogado ng Nagsasakdal na bantayan ang Napag-aregluhan sa loob ng 2-1/2 taon. Hindi mo kailangang bayaran ang mga singilin ng mga abogado.

14. Ano ang aking mga opsyon sa Napag-aregluhan?

Wala kang kailangang gawin, at mananatili kang isang Class Member. Maaari kang sumulat ng isang liham sa Korte na nagpapahayag ng mga dahilan kung bakit hindi mo nagustuhan ang Napag-aregluhan, at ipadala ito sa koreo sa pagsapit ng Enero 10, 2012. Kung nais mong magsalita sa Fairness Hearing sa Enero 24, 2012, KAILANGAN mong isaad ito sa iyong liham. Ang Korte ang magdedesisyon kung ikaw ay papahintulutan na magsalita sa paglilitis. Gayunman, hindi mo kailangang magpakita sa Korte sa Enero 24, 2012 upang maisaalang-alang ang iyong pagtutol.

15. Kung maaprubahan ang Napag-aregluhan, ano ang kahulugan nito?

Kung maaprubahan ang Napag-aregluhan, ikaw ay makakakuha ng CBAS o Pinahusay na Pamamahala ng Kaso, ayon sa iyong situwasyon. Hindi ka magiging bahagi ng iba pang demanda tungkol sa kakayahan ng California na wakasan ang benepisyo ng Medi-Cal ADHC.

NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT AGREEMENT
(Paunawa ng Kasunduan sa Napag-aregluhan sa Class Action)
Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA

16. Paano ko masasabi sa Korte kung hindi ko gusto ang Napag-aregluhan?

Kung ikaw ay isang Class Member, maaari mong sabihin sa Korte na hindi ka sumasang-ayon sa Napag-aregluhan o sa anumang bahagi nito sa pamamagitan pagpapadala ng liham na nakasaad ang iyong mga pagtutol sa pagsapit ng Enero 10, 2012. Maaaring ikaw mismo ang magsulat ng liham o sa pamamagitan ng abogado na iyong sariling gastos.

Upang tumutol, kailangan mong magpadala ng liham sa Korte na nagsasabi na ikaw ay tumututol, at ipaliwanag ang mga dahilan ng iyong pagtutol. Sa itaas ng liham, tiyakin na isama ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, at isulat ang *Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA*. Tiyakin na lagdaan ang liham.

Ipadala sa koreo ang orihinal na liham sa Clerk of the Court at mga kopya ng liham sa mga abogado ng mga panig. Ang pagtutol ay dapat na ipadala sa tatlong magkakaibang lugar na ito nang may tatak ng koreo nang hindi mas tatagal sa **Enero 10, 2012**:

<u>Clerk of the Court:</u> U.S. District Court 1301 Clay Street Oakland, CA 94612 <u>Reference:</u> <i>Darling et al. v. Douglas et al.</i> , Case No. C09-03798 SBA	<u>Attorneys for Class Members:</u> Elissa Gershon Disability Rights California 1330 Broadway, Suite 500, Oakland, CA 94612 ATTN: <i>Darling v. Douglas</i>	<u>Attorneys for DHCS:</u> Susan M. Carson Office of the Attorney General 455 Golden Gate Avenue, Suite 11000 San Francisco, CA 94102-7004
--	--	--

17. Kailan at saan magpapasya ang Korte kung aaprubahan ang Napag-aregluhan?

Ang Korte ay magsasagawa ng isang Fairness Hearing upang makapagpasya kung aaprubahan ang Napag-aregluhan sa **Enero 24, 2012 ng 1 p.m.** Isasaalang-alang ng Korte kung patas, makatuwiran, at sapat ang Napag-aregluhan. Pakikinggan ng Hukom ang mga Class Members na hiniling na magsalita sa paglilitis. Maaari kang dumalo kahit na hindi mo nais na magsalita. Ang paglilitis ay magaganap sa:

United States District Court
Northern District of California
1301 Clay Street
Courtroom 1, 4th Floor
Oakland, CA 94612

18. Ano ang mangyayari kung wala akong gawin na kahit na ano?

Kung wala kang gagawin, mananatili kang isang Class Member. Kung maaprubahan ang Napag-aregluhan, ikaw ay makakakuha ng CBAS o Pinahusay na Pamamahala ng Kaso, ayon sa iyong situwasyon. Hindi ka magiging bahagi ng iba pang demanda tungkol sa kakayahan ng California na wakasan ang benepisyo ng Medi-Cal ADHC.

NOTICE OF CLASS ACTION SETTLEMENT AGREEMENT
(Paunawa ng Kasunduan sa Napag-aregluhan sa Class Action)
Darling et al. v. Douglas et al., C09-03798 SBA

PAGKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON

19. Paano ako makakakuha ng karagdagang mga detalye tungkol sa Napag-aregluhan?

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, isang kopya ng Kasunduan ng Napagaregluhan, o tulong sa paggawa ng pagtutol sa Korte, maaari kang makipag-ugnayan sa Disability Rights California:

darling@disabilityrightsca.org	(888) 599-3921
--------------------------------	----------------

20. Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa kaso?

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa kaso sa pamamagitan ng pagtingin sa kaso na isinampa na matatagpuan sa tanggapan ng Clerk of the U.S. District Court na matatagpuan sa address na nakalista sa tanong 17. Maaari mo rin tingnan ang buong napag-aregluhan at kumuha ng iba pang impormasyon sa:

- <http://www.disabilityrightsca.org/advocacy/Darling-v-Douglas/index.html>
○
- <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/ADHC/ADHC.aspx>

21. Paano ako makakakuha ng mga kopya ng paunawang ito sa ibang mga wika o sa mga format na nakakatulong sa mga taong may kapansanan?

Kung kailangan mo ng kopya ng paunawang ito sa ibang wika, may kapansanan at kailangan ng tulong tulad ng isang alternatibong format para sa paunawa (halimbawa, sa Braille, o malalaking titik), o isang alternatibong paraan na magtanong tungkol sa paunawang ito (halimbawa, isang tagapaliwanag ng sign language), ikaw ay maaaring:

- Makipag-ugnayan sa abogado ng Nagsasakdal Disability Rights California sa (888) 599-3921;
○
- Bumisita sa Disability Rights California o DHCS mga website na nakalista sa Tanong 20.